TOMO 10 BILANG 9 | ISSN NO. 2599-5405 | SETYEMBRE 2023

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI













## SINEMAYA CINEMA TOUR, NAGTUNGO SA TAGUM CITY

ni Edrian Banania

*Mahigit 800 katao ang dumalo sa SineMaya Cinema Tour sa Tagum City Historical and Cultural Center para tunghayan ang siyam na pelikula mula sa mga finalists ng 2022 SineMaya Community Short Film Festival.*

Ang ikatlong bahagi ng *cinema tour* ng SineMaya 2022, ang kauna-unahang *community short film festival* para sa mga kliyente ng *microfinance industry*, ay isinagawa sa Tagum City Historical and Cultural Center Theatre sa Davao del Norte noong Agosto 20, 2023.

Ang nasabing *film showing* ay inorganisa ng CARD MRI kung saan dinaluhan ito ng mahigit 800 manonood.

"Tunay na ang talento at kakayahan ng ating mga kliyente ay walang limitasyon. Sa pamamagitan ng programang ito, maibabahagi na ng mga kliyente ng *microfinance* ang kanilang natatanging kwento na magdadala ng inspirasyon at pag-asa sa bawat isa," ani Dr. Alip.

Dumalo ngayong SineMaya Cinema Tour ang apat mula sa siyam na 2022 SineMaya *finalists* mula sa Mindanao. Ang mga ito ay ang CARD Bank Waling-waling Center sa pelikulang 'Ngiti sa Likod ng Lente' na kinilala bilang 2nd Best Film at nanalo ng Founder's Excellence Award; CARD, Inc. Poblacion 7 Center sa pelikulang 'Tulay' na nakakuha ng 3rd Best Film

P2

## LASAP NG PAGKAKATAON

ni Josephine Ramos

Hindi mawawala sa mga turista ang *bucket list* tuwing bumibisita sa magaganda at kakaibang mga lugar. Bukod sa mga tanawing nais marating, hindi mawawala sa listahan na matikman ang mga *unique* na pagkain ng isang bayan.

Ang Vigan City ay isa sa mga naging *seven wonders of the world* noong 2015 at isa sa mga sikat na *tourist destination* sa Pilipinas. Maliban sa pagdala nito sa atin sa piraso ng nakaraan ng ating bayan sa panahon ng mga Kastila, matitikman din dito ang kanilang ipinagmamalaking Vigan empanada na kinakailangang mamarkahan ng *check* sa *bucket list* ng mga turista.

Isa si Cheryl Roses sa mga gumagawa at nagtitinda ng empanada sa Vigan City. Bilang nagtapos ng *vocational course* na nakatuon sa food

P2

Basahin ang isyung ito upang manalo ng **P50.00** load via konek2CARD!

**Kailan nagdiwang ang CARD MBA ng kanilang ika-24 na anibersaryo?**

Ikomento ang inyong kasagutan sa aming KOAderno post sa aming official facebook page @PublishingHouseInc.



# SINEMAYA CINEMA TOUR... P1

at Managing Director's Choice Award; CARD SME Bank Salvacion 3P Center sa pelikulang 'Puhon'; at CARD SME Bank Patag Center sa pelikulang 'Pangarap'.

**Microfinance at Pelikula**

Simula nang maitatag ang CARD MRI, nananatiling nakatuon ito sa pagpapabuti ng pamumuhay ng pamilyang Pilipino sa pamamagitan ng mga produktong pampinansyal at programang pangkaunlaran. Sa pagharap natin sa pandemya noong 2020, isinagawa ng CARD MRI ang "Ugnayan at Kwentuhan" upang hikayatin ang kanilang mga kliyente at komunidad nito na gamitin ang kanilang oras sa malikhain at produktibong gawain sa kalagitnaan ng *community quarantines*. Mula sa *art* hanggang sa *poetry making contests*, mas naging mapangahas ang CARD MRI na ipakilala ang *filmmaking* sa mga *microentrepreneur clients.* Ang SineMaya ang nagbigay sa mga CARD MRI *clients* ng isang entablado upang maiparating nila ang kanilang kwento at gumawa ng positibong epekto sa mas malawak na manonood.

"Dahil sa SineMaya, napalabas namin ang aming mga natatagong talento sa pag-arte, pagsulat, at pag-direct ng isang pelikula na dating pinaniniwalaan kong isang pangarap lamang," ani Flordeliza Taña mula sa pelikulang Ngiti sa Likod ng Lente at nakakuha ng Best Actress Award sa kauna-unahang edisyon ng SineMaya.

**Ano pa ang naghihintay sa SineMaya?**

Ngayong 2023 SineMaya: Community Short Film Festival, matutunghayan natin ang mga pelikulang handog ng mga kliyente mula sa iba't ibang *microfinance institution* sa bansa, tampok ang inihandang *documentary film* sa temang "Pagbangon at Pag-asa: Kasangga ang MFI sa pagharap sa bagong simula". Ang mga pelikulang ito ay inaasahang ipalabas sa mga piling sinehan sa Luzon, Visayas, at Mindanao sa darating na Nobyembre at Disyembre.

Dahil sa tagumpay ng SineMaya, inihayag ni Dr. Alip ang pagsisimula ng CARD MRI sa paggawa ng *indie film* kung saan tampok ang mga kwento ng mga kliyente at inaasahang magsisilbing inspirasyon sa bawat isa.

Para malaman ang susunod na SineMaya Cinema Tour at ang paparating na 2023 SineMaya, bisitahin ang MFI Newswire *website* sa @mfinewswire.com, at sa *Facebook page* nito sa @ MFI Newswire.

## KWENTONG TAGUMPAY

### LASAP NG... P1




*Nagmula sa pagiging dishwasher at waitress, hindi sinayang ni Cheryl Roses ang pagkakataon na magtayo ng isang negosyo at gumawa ng ipinagmamalaking empanada ng Vigan City.*

and beverage, hindi sinayang ni Cheryl ang pagkakataon na magsimula ng isang negosyo gamit ang kanyang mga natutuhan sa pag-aaral at karanasan.

Upang simulan ang kanyang negosyo, umupa si Cheryl ng pwesto malapit sa kanilang tahanan at nagsimulang gumawa ng empanada katuwang ang kanyang asawa gamit ang kanilang ipon.

Ibinebenta niya ang kanyang empanada sa halagang PHP10.00 hanggang PHP45.00, depende sa klase ng empanada. Bukod sa kanyang pwesto, naghahatid din si Cheryl ng 150 piraso ng empanada sa Vigan National High School mula Lunes hanggang Biyernes.

"Mahalaga na mapanatili natin ang *quality* ng ating produkto, kung paano ito nakilala ng ating mga *customer* upang balik-balikan ito at tangkilikin pa ng ibang tao," paalala ni Cheryl sa mga nagnanais mag negosyo.

Tulad ng iba, humarap din sa hamon ng pandemya ang negosyo ni Cheryl. Napagtagumpayan naman niya ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng libreng *delivery* sa kanyang mga *customer* dahilan upang mas maging matatag ito. Naging katuwang rin niya ang CARD, Inc. (A Microfinance NGO) sa pagyakap ng mga hamon at pagpapaunlad ng kanyang negosyo. Ayon sa kanya, malaking bahagi ang institusyon sa mga napagtagumpayan ng kanyang negosyo. Naniniwala rin siya na kasama niya ang CARD sa marami pang tagumpay na kahaharapin nila sa tulong ng mga produkto at serbisyo nito.

Dahil sa mga ito, nakakuha siya ng isang lupa sa Bantay, Ilocos Sur at nakabili ng tricycle na kanyang ginagamit sa paghahatid ng kanyang mga produkto.

Sa mga susunod na taon, magpapatuloy si Cheryl sa pagsunggab sa mga pagkakataong magdadala sa kanila patungo sa tagumpay.

WHAT IS MFI NEWSWIRE?
The MFI Newswire website is a web-based newswire service of Philippine microfinance industry. Additionally, it showcases tales of communities uplifted by the industry's efforts and its contribution in ending poverty in the country.
www.mfinewswire.com



YUGTO NG PAG-UNLAD AT PAG-ASA




## CARD BANK INC.

Ipinagdiwang ng CARD Bank ang ika-26 na anibersaryo nito ng pagtataguyod ng *financial* inclusion sa bansa na may temang "Conquering a new frontier towards more inclusive financial services" noong **Setyembre 1, 2023.**

Ayon kay CARD MRI Founder and Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip, marami ng nilagpasang pagsubok ang CARD Bank."Hindi naging madali ang pagsisimula ng isang bangko ngunit ipinagpatuloy natin ang ating mithiin na makapagbukas ng isang bangko na pag-aari ng mga nanay. Mula ng magsimula ang ating *banking operations,* napatunayan natin na posible ang anumang bagay at malalampasan ang anumang pagsubok," sabi niya. "Sa ika-26 na taon ng CARD Bank, patuloy tayong maglilingkod sa komunidad kasama ng ating misyon na wakasan ang kahirapan sa bansa."

## CARD PIONEER MICROINSURANCE INC.

Ipinagdiwang ng CARD Pioneer Microinsurance Inc. (CPMI) ang ika-10 taon nitong anibersaryo ng pagbibigay ng seguro sa buhay, bahay, at kabuhayan ng pamilyang Pilipino. Mananatili ang CPMI sa paghahatid ng mga makabagong *insurance products* upang siguraduhin na makabuo tayo ng mga *resilient community* sa buong bansa.

## CARD MBA



*Kinilala ang pitong nagsipagwagi sa ika-8 awarding ceremony para sa Natatanging MBA Coordinator noong September 7, 2023 na isinagawa sa Maharlika Square Events Place.*

Ipinakilala ng CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA), ang *microinsurance arm* ng CARD MRI, ang bago nitong *insurance product* na tinatawag na AcciPlan, kasabay ng pagdiriwang nito ng ika-24 na anibersaryo noong **Setyembre 7, 2023.**

Ang AcciPlan ay isang *accident insurance plan* na magbibigay ng benepisyo sa mga aksidenteng kinsasangkutan ng mga miyembro at mga *legal dependents* nito. Susubukan muna ang *insurance product* na ito sa mga piling *provincial offices* nito simula October 1, 2023.

"Nananatiling nakatuon ang CARD MBA sa paghahatid ng proteksyon at seguro sa mga miyembro at mga kapamilya nito. Natutuwa kami na makapaghatid ng karagdagang produktong makapagbibigay ng karagdagang proteksyon sa ating mga miyembro at kanilang pamilya," ani CARD MBA CEO Jocelyn A. Dequito.

Kasabay rin ng pagdiriwang, kinilala rin ng CARD MBA ang mga Natatanging MBA Coordinator na sina Rowena Sumilang mula sa VizMin Region bilang National Winner; Jessa Bulos mula sa Luzon 2 na nagkamit ng unang parangal; at Anna Shiela Raut-raut mula sa Luzon 2 na nagkamit naman ng ikalawang parangal.



order NOW

KAWANI NG CARD LANYARD

Our new "Kawani ng CARD" lanyard features the old typwriter and P20 bill, two of the major heritage icons in the story of CARD MRI.

We can't wait to see you rockin' our new baybayin and kawani ng CARD merch!

To place your order, please message us at https://www.facebook.com/HijosToursOfficial/ or call us at 0969-138-8626 or 0926-045-6706.

# PIRASO NG KAYAMANAN

*ni Mary Rose Javier*




*Tunay na may kayamanan sa mga basura para sa pamilya ni Joselyn Palomar dahil sa tagumpay ng kanyang scrap business.*

Maraming Pilipino ang pinasok na ang *junk shop business* dahil sa malaking kita rito kung kanilang pagsisipagan at pagtitiyagan lamang.

Maliban dito, nakatutulong pa ang negosyong ito sa problema ng ating bansa sa basura dahil pinagmumulan ito ng mga bago at dekalidad na mga produkto. Kung kaya't ito ay ginawa na ring kabuhayan ni Joselyn Palomar.

Mula sa Masbate, lumipat si Joselyn kasama ang kanyang pamilya sa Pampanga upang mamuhay kasama ng kanyang biyenan. Agad naman siyang naghanap ng trabaho para suportahan ang pangangailangan ng kanyang anim na anak.

Naging basurero siya sa kanilang lugar. "Handa akong tanggapin ang anumang klase ng trabaho para sa pag-aaral ng aking mga anak," saad ni Joselyn. Lingid sa kanyang kaalaman na ang kanyang pangongolekta ng mga *scrap* ay ang magpapabago sa kanilang buhay.

Mula sa pagiging basurero, ninais ni Joselyn na magtayo ng isang *junk shop* ngunit wala siyang puhunan sa pagsisimula nito. Sa tulong ng kanyang biyenan, nakilala ni Joselyn ang CARD MRI Rizal Bank (CARD RBI), upang magkaroon siya ng puhunan sa kanyang nais simulang negosyo.


"Parang isang pangarap ang pagkakaroon ng isang *junk shop* dahil malaking puhunan ang kailangan dito pero simula ng makilala ko ang CARD RBI, naging posible ito," aniya. Hindi alintana ni Joselyn na madumihan ang kanyang mga kamay, dahil ayon sa kanya, ang duming iyon ang magpapaaral sa kanyang mga anak.

Sa katunayan, nakakuha siya ng loan na PHP 100,000.00 sa CARD RBI na kanyang ginawang puhunan. "Marahil ay iniisip ng ibang tao na ang aking negosyo ay madumi, ngunit lingid sa kanilang kaalaman na ang mga *scrap* na ito ang nagpabago sa aming buhay," dagdag ni Joselyn.

Hindi nagkamali si Joselyn sa kanyang desisyon dahil ang kanyang itinayong *junk shop* ay patuloy na kumikita at lumalago. Mula sa kita ng kanyang *junk shop*, nakabili na rin siya ng sasakyan at pwesto para simulan ang kanyang sari-sari *store.*

Patuloy ngayon sa paglago ang parehong negosyo ni Joselyn. "Malaki ang aking pasasalamat sa CARD RBI dahil kung wala ito, hindi ko masisimulan ang aking negosyo."

Ginamit ni Joselyn ang kanyang loans sa pagpapalago ng kanyang negosyo. Ayon sa kanya, tinulungan siya ng CARD RBI sa pagsisimula ng negosyo at ang tamang paggamit nito ang naging susi ng kanilang tagumpay.







SULONG ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI
EDITORIAL BOARD

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers

Cyrene Grace DC. Lubigan
Managing Editor

Jeffrey C. Tandingan
Associate Editor

Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Medel E. Valencia
Berwyn Lloyd D. Buenaseda
Layout Artists

Edrian B. Banania
Harlene Joy F. Reyes
Josephine M. Ramos
Mary A. Rose Javier
Writers